Philippine Overseas Employment Administration
Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

**NEWS ADVISORY**
November 24, 2008

# POEA BUKAS KAHIT HOLIDAYS

Magbibigay ng patuloy na serbisyo ang Philippine Overseas Employment Administration o POEA maging sa mga araw na nauna nang nadeklarang holidays bilang bahagi ng tradisyonal pagdidiwang ng kapaskuhan.

Ayon kay POEA Administrator Jennifer Manalili ang Balik-Manggagawa Processing Division nito sa Main Office sa Edsa, Mandaluyong kabilang ang sampu pang regional at satellite offices ng ahensya sa buong bansa ay magbubukas mula alas 9:00 hanggang 4:00 ng hapon sa mga sumusunod na araw: Disyembre 26 (Biyernes) at 29 (Lunes), 2008 at sa Jan. 2, 2009 (Biyernes) upang mag-isyu ng travel exit clearance (TEC) sa ating mga OFWs.

Bukod sa Balik-Manggagawa Processing Division sa POEA Central Office, ang mga sumusunod na POEA regional at satellite offices ay bukas din sa mga nabanggit na araw upang mag-isyu ng TEC: Poea La Union, Pampanga, Calamba City, Legaspi City, Cebu City, Iloilo City, Bacolod City, Davao City, Cagayan De Oro City at Zamboanga City.

Ang travel exit clearance ay isa sa mga dokumento na kailangan ng isang manggagawa upang makaalis para magtrabaho sa ibang bansa. Halimbawa ng TEC ay ang Overseas Employment Certificate o OEC, E-Receipt at ang tinatawag na Multiple Travel Exit Clearance (MTEC).

Sinabi pa ni Manalili na ang hakbang na ito ay layung ma-accommodate ang libo-libo nating OFWs na kasalukuyang nagbabakasyon sa bansa na mangangailangan ng travel exit clearance upang makaalis at makabalik sa kani-kanilang trabaho sa ibang bansa pagkalipas ng Pasko. Tinatayang hihigit sa 50,000 ofws ang kukuha ng TEC itong Disyembre, 2008 at Enero 2008.

Pinapayuhan ni Manilili ang mga OFWs na babalik sa kanilang mga trabaho na maagang kumuha ng TEC kung hindi man sa mga nabanggit na mga araw upang maiwasan ang hassle bunsod sa pagdagsa ng mga OFWs na mangangailangan ng TEC pagkatapos ng Christmas holidays.

###